


Please visit Narciso Olalo's website www.narcisoolalo.org



NARCISO OLALO'S WIFE SHARES GOD'S MIRACLES

HER SHARING IS SO INSPIRING TO ALL OF US. PAGBABAGO, PAGSISISI AT LUBOS NA PANINIWALA SA PANGINOON AT MANIWALA TAYO NA SI NARCISO OLALO ANG TUNAY NA SUGO NG DIYOS SA PAGPAPARATING SA MGA TUNAY NA MENSAHE UPANG ANG LAHAT AY HANDA SA PANGALAWANG PAGBABALIK SA ATING PANGINOON.

[Marciana Nulud](#)

February 27, 2018

Magandang araw sa lahat. Ako si Susan Olalo na may nais ikuwento sa inyo. Siguro napansin ng karamihan sa inyo na bakit lately lang kayo nakabasa ng kuwento mula sa akin as a wife of Narciso Olalo. Gusto kong ipaalam sa inyo na lahat ng ginagawa ko ay may permission galing sa kanya. Ingat na ingat ako sa lahat ng bagay dahil ayokong madumihan sa anumang paraan ang ginagawa niya dahil ito ay totoo, tunay at malinis mula sa ating Panginoon. Satisfied and joyful ako na sumusoporta sa mga ginagawa niya. Everytime na naaalala ko yung mga himala na nangyari sa buhay namin mula sa Diyos na kaming tatlo lang ang nakakaalam, naiisip ko na sayang naman kung hindi malaman ng mga tao yon.

Pagbalik niya dito after ng krusada January 2018, humingi ako ng permission kung puwede ako magpost tungkol sa mga himala na nagyari sa buhay namin since ginamit siya ng Panginoon na manggamot at mangaral sa mga tao. Ang sabi naman niya, "sige it's about time na para malaman din nila ang kuwento mula sa iyo." Masaya ako na narinig mula sa bibig niya ang sagot na yon dahil nakapagsimula ako magkuwento sa inyo. Sisikapin ko ayusin kung ano ang nauna at nahuli sa mga nagyari, medyo mahirap alalahanin ang mga date and year dahil tapos na yon. Ganon pa man sariwa pa rin sa memory ko ang story.

Maraming salamat sa mga nagbasa.

Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

February 27, 2018

Magandang araw sa lahat.Si Susan Olalo ito at muling magkukuwento sa tungkol sa mga ginawang himala ng Diyos sa buhay namin.

NAMATAY SI NARCISO OLALO HABANG NAKAUPO SA LOOB NG TRAIN. Part 1

Nangyari ito nung fist time na laban ni Manny Pacquiao kay Bradley(hindi ko na maalala date and year).

Pumunta kami sa bahay ng kaibigan namin na pinoy para manood dahil may foxtel sila(malayo din yon mula sa lugar namin).

Excited siya magpunta doon dahil may mga pinoy para makapagshare ng mensahe ng Diyos.

Pagdating namin sa bahay mayamaya nagsimula na ang laban.

Maingay lahat lalo na sa tuwing makakasuntok si Pacquiao.

Nagsalita si Nars before matapos ang laban at sinabi sa mga tao "matatalo lang si Pacquiao kung dadayain."

Nagkatotoo naman talaga dahil dinaya si Pacquiao sa laban na yon.

Tuwang tuwa siya sabi niya sa mga pinoy'di ba sabi ko sa inyo eh, nagkatotoo ang sinabi ko"

Yung time na yon nasabihan na siya ni Jesus Christ"kung ano ang lumalabas sa bibig mo yun ang masusunod.

After ng show,nagkuwentuhan at nagsimula siya mangaral sa kasama niya sa table habang nagkakainan,pero dahil kainan may kasamang inuman.

Eager na eager siya mangaral pero nagtaka kami ni Mj dahil kapag may gusto siya ipaliwanag madalas siya huminto para magisip ng susunod na sasabihin.

Pinipilit talaga niya isipin pero hirap talaga siya,nakadukdok na siya sa table,nakakaawa tingnan.Nakainom din kasi siya.

Nangaral siya pero putol putol ang paliwanag.

May mensahe ang Diyos sa kanya at yon ay naalala namin ni Mj ng mga oras na yon dahil naikuwento na niya sa amin.

Ang mensahe sa kanya" IWASAN MO MANGARAL KAPAG NAKAINOM KA."

Nagtulong kami ni Mj na makiusap sa kanya na huminto na at umuwi na kami dahil gabi na rin pero ayaw pa niya at gusto pa mangaral.

Pinaalala ko sa kanya yung mensahe sabi lang niya hayaan mo ako.

Nalungkot kami pareho ni Mj dahil ayaw namin na isipin ng mga tao na gawa gawa lang niya mga sinasabi niya dahil nakainom.

Nainterrupt yon dahil bigla lumabas mula sa kuwarto at lumapit sa kanya yung bakla(nakatira din sa bahay).

Sabi niya "kuya bigla sumakit mga paa ko,ang sakit sakit,"Ipinatong niya agad paa niya sa tuhod ni Nars.

Ginawa ni Nars way ng panggagamot niya at nabanggit na isa sa ayaw ng Diyos yung lalaki sa lalaki (ayon sa mensahe).

Bigla nagwalk out at nagdabog yung bakla dahil nasaktan at nagalit sa kanya(nadagdagan lungkot namin ni Mj).Hindi natapos yung gamutan na yon.

Kitang kita ko na ang sympathy ng mga tao ay nasa bakla na yon at hindi sa kanya.Nasasaktan kami ni Mj that time.

Gusto talaga niyang patunayan sa mga tao na ginagamit siya ng Diyos.

Nilapitan niya ang mga tao na naiwan pa ng mga oras na yon at binasa niya mga pagkatao. Umamin naman sila dahil totoo daw.

May isang nurse na late dumating, gusto lang kumain, sinalubong niya hindi naman niya kilala. Sinabi niya bigla, "ikaw, ang ginagawa mo sa buhay mo ay puro overtime

(napayuko yung nurse, nahiya dahil totoo daw)."

Sinabihan din niya yung magasawa na may ari ng bahay "kayong dalawa nagkukunwari kayong masaya pero marami kayong problema sa mga sarili ninyo".

Hindi sumagot yung magasawa pero nagtinginan sila sa bawat isa.

Worried na worried kami ni Mj dahil gabing gabi na at malayo pa uuwian namin pero hindi wala kaming magawa dahil ayaw pa niya umuwi.

Kinuwento din niya na kung ano lumabas sa bibig niya ay nangyayari, hinamon niya yung isang pinoy at ang sabi niya, sige lumabas ka at makikita mo na umuulan. Gabi na yon

at hindi namin alam kung umuulan dahil madilim sa labas at nasa loob kami ng bahay.

Lumabas yung pinoy at ang sabi "wow, umuulan nga." Nakita ko na namangha yung pinoy.

After non nagpaalam na kami umuwi.

Hanggang dito na lang muna, magsusulat na lang ako ng part 2 dahil mahaba na. Nasa part 2 yung namatay siya sa loob ng train.

Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

February 28, 2018

Magandang araw Si Susan Olalo ito. Heto ang continuation ng kuwento ko sa inyo.

NAMATAY SI NARCISO OLALO SA LOOB NG TRAIN.PART 2

Pagpasok namin sa loob ng train sinabihan pa niya yung isang young girl na nakatayo "do you believe in Jesus Christ?"

Narinig ko na nagasalita na mahina yung girl, he's crazy,(lasing kasi ang boses niya).

Naupo kaming magkakatabi,window side si Nars,middle ako,right side ko si Mj.

Napansin namin parang hirap siya huminga or dahil nakainom,nagpanic kami at ang nasabi ko agad,anak humingi ka ng tubig sa mga tao.

Tumingin si MJ sa mga tao pero walang may hawak ng tubig, alak ang mga hawak nila.Galing ng pub mga kabataan that time,magulo.

Pagtingin ko sa kanya napakatahimik at hindi na gumagalaw,ginalaw galaw ko pa ang balik at niya,nakalupaypay na siya,bagsak ang buong katawan.

Natakot ako at tumingin sa mga tao sa paligid kung hihingi ba ako ng tulong,kasalukuyan lumalakad ang train,crowded pa at maingay.

Hindi rin ako humingi ng tulong ng mga sandaling yon,ewan ko kung bakit,parang may pumipigil sa akin na magsalita.

Dahil nakalupaypay, ulo lang niya ang kaya kong suportahan,sinandal ko sa left shoulder ko.

Naisipan ko ibuka mga mata niya,ang mga pupils niya wala na talaga.Dinikit ko ang mukha ko sa ilong at bibig niya,totally wala nang hininga.

Maputla siya sa tingin ko.

Naramdaman ko ang lalim ng mga buntunghininga ni Mj ng mga oras na yon,hindi siya umiiyak pero takot na takot(14 years old pa siya non).

Nakita niya na walang malay ang papa niya at natakot na rin siya.Pilit ko pinapalakas ang loob ko.

Bigla ko rin naalala nang mga sandaling yon ang sinabi niya sa akin"anytime maaari ako maglakbay kung gugustuhin ng Diyos."

Sinabi ko agad kay Mj,wag ka magalala anak,naglakbay lang si Papa at babalik din siya.

Nagiisip ako habang hinahaplos ko ulo niya,paano kami bababa sa train station,hindi naman namin siya kayang buhatin.

Ayokong humingi ng tulong sa mga tao at ipaalam ang nangyari dahil baka tumawag sila ng ambulance.

Lagi niya sinasabi sa akin" kapag nakita mo ako walang malay huwag na huwag mo ako ako dadalhin sa ospital para intact pa ang katawan ko at may babalikan pa ang espiritu ko."

All of a sudden bigla ko naisipan bumulong sa teynga niya dahil hindi ko na alam gagawin ko "pa, sabihin mo sa kanya(Jesus Christ)pabalikin ka na kasi bababa tayo sa station X.

Paghinto talaga ng train sa station X bigla siya gumising,tumayo na parang walang nangyari.Sabi niya "baba na tayo."

Mula sa pinanggalingan namin 11 station in total.

Hindi ko na alam kung ilang minuto yon habang hindi siya humihinga.

Pagbaba sa train may kailangan kami lakarin na hallway bago makarating sa highway.

Malayo pa kami sa highway napansin ko yung taxi driver nakatayo sa tabi ng taxi niya at nakatingin sa amin hanggang makalapit kami at mukhang hinihintay kami,nakabukas na ang pinto para sa amin.

Sinabihan niya yung taxi driver "do you believe in Jesus Christ."(polite yung driver,tahimik lang). Sinabi niya uli,you should believe in Jesus Christ.

Nakauwi kami ng maayos pero ang tagal pa niya umakyat(nasa level 2 ang tirahan namin).

Nakatingin siya sa langit,nakaunat mga kamay niya at ang lumalabas lang sa bibig niya "Jesus Christ" paulit ulit at malakas.

Nahirapan na naman kami ni Mj,gusto na namin siya pumasok sa bahay dahil midnight or after midnight na yon,nagalala kami baka magising mga kapitbahay.

Naghintay lang kami sa kanya hanggang makapasok kami sa loob ng bahay.

May karugtong pa ang kuwentong ito pero stop ko muna kasi may mga dapat din akong gawin.

Pasensya na kung mahaba,ayaw ko naman i short cut dahil gusto ko malaman ninyo lahat.Salamat sa mga nagbasa.

Maraming salamat kay Jesus Christ dahil sariwa pa sa memory ko ang mga nangyari.

[Marciana Nulud](#)

[February 28, 2018](#)

Magandang araw muli sa lahat.Si Susan Olalo ito,patuloy na nagkukuwento sa inyo.

PART 3.NAMATAY SI NARCISO OLALO SA LOOB NG TRAIN AT NAGLAKBAY MULI ANG ESPIRITU NIYA NANG MAKATULOG NA SIYA SA BAHAY.

Pagpasok namin sa bahay humiga siya agad ng wala sa ayos,,nakaturo mga paa niya sa pinto.Hinayaan na lang namin dahil hindi naman namin siya kayang buhatin.

Nagsuka siya,kumuha agad si Mj ng palanggana para hindi mabasa yung carpet.Dahil stress ako that time nagsunod sunod ang utos ko kay Mj at alerto naman siya.Hiningi ko tubig na mainit,face towel para mapunasan siya.Nagpatimpla pa ako ng black coffee baka sakali gumanda pakiramdam niya.Hindi ako umalis sa tabi niya dahil hrap na hrap siya sumuka.

Nakatulog din siya pero matagal din.

Nakatingin lang ako sa kanya, inaamin ko na shock ako sa mga nangyayari.

Nasa tabi ko si MJ tahimik,pagtingin ko sa kanya pawis na pawis,umiiyak na pala siya ng palihim.

Niyakap ko siya at yumakap siya sa akin ng mahigpit at ang sabi niya "mama, wag ninyo ako iiwan kasi bata pa ako,ayoko magisa." Halos madurog ang puso ko pagkarinig ko non,hinaplos ko buhok niya basang basa ng pawis.Inisip siguro niya maaaring mawala na papa niya.

Ang sinabi ko sa kanya, wag mo isipin yon alam ni Jesus Christ na kailangan pa natin si papa.

Pinatulog ko na rin si Mj dahil nakita niya naghihilik na papa niya.

Alam ko na kagustuhan lahat ng Diyos ang mga nangyari pero hindi ko maintindihan sarili ko that time,nabigla,nalulungkot,speechless,may moment din na nakatulala ako dahil siguro hindi ko pa alam yung iba pang plano ni Jesus christ sa buhay niya.Nakatulog din naman ako nang gabing yon.

HETO ANG SALAYSAY NI NARCISO OLALO PAGGISING NIYA SA UMAGA.

Number 1

"Nakita ko sarili ko nakaupo sa loob ng train,nakalupaypay ang ulo ko at maputla itsura ko.Pinapanood ko sarili ko at naisip ko kawawa naman ang katawan ko."

Nagtanong siya sa amin ni Mj kung ano ang nangyari at kinuwento namin sa kanya lahat.

Number 2

"Nakita ko katawan ko nakahiga ng wala sa ayos at bakit nakaturo mga paa ko sa pinto."

Ipinaliwanag namin ni Mj na hindi naman namin siya kayang buhatin para iayos sa higaan.Naglakbay pala siya uli nang nakatulog na.Hindi na namin alam ni Mj yon dahil tulog na kami.

Tama lahat ng sinabi at nakita niya.Humiwalay talaga ang espiritu niya.

Habang naguusap kaming tatlo pinaalala ko sa kanya yung mensahe na "iwasan mo mangaral kapag nakainom ka."

Very humble naman siya at narealise niya na mali siya,sinamantala lang daw niya opportunity dahil maraming pinoy.Sabi pa niya sinunod ko kasi eagerness ko eh.

Sabi naman niya,hindi ko na uulitin yon.

Maraming salamat sa patnubay ni Jesus Christ habang ako ay nagkukuwento sa inyo.Maraming salamat sa mga nagbasa.

Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 1, 2018

Good day sa lahat.Si Susan Olalo ito.Humihingi ako ng paumanhin sa mga nagbasa ng story ni Narciso Olalo dahil putol putol.Nagworry kasi anak ko na baka daw hindi iaccept ng facebook

kung mahaba.Iwill do my best next time para sa inyong lahat.Masaya ako na ipaalam sa inyo lahat ng ginawa ni Jesus Christ sa pamilya namin dahil para sa akin isang pamilya na tayo at isa lang ang Diyos natin sa buhay.Kaya dapat ko lang ibahagi sa inyo ito.Maraming salamat muli sa mga nagbasa.

[Marciana Nulud](#)

March 2, 2018

Magandang araw sa lahat.Si Susan Olalo ito.Nais ko ibahagi sa inyo ang mensahe ng Diyos kay Narciso Olalo kagabi.

Pagkatapos ng trabaho ko kagabi,dumaan ako ng supermarket at bumili ng beef kasama rekado para sa nilaga dahil pareho nilang gusto ang may sabaw na ulam.

Pagdating ko naman sa bahay sabi niya...mas gusto ni Mj ang kaldereta.

Sabi ko naman paano yan hindi naman ako bumili

ng pineapple juice (nllalagay niya yon sa kaldereta).

Dahil favorite ni Mj yon,gusto ko maluto niya sa umaga bago siya pumasok sa trabaho dahil walang pasok si Mj at para may ulam habang nasa trabaho kami.

Sabi ko sa kanya...gigising na lang ako ng maaga at aabangan ko yung pagbukas ng supermarket.

Agree naman siya at ang sagot niya...puwede,papakuluan ko na agad at ihabol na lang yung pineapple juice,tamang tama yon pagbalik mo.

Late na kami natulog dahil nagkuwentuhan pa.

Nagising ako na mga 5 am dahil maingay sa kusina, nagluluto na siya.

Tinanong ko agad ang oras dahil lalabas ako ng maaga para bumili ng pineapple juice.

Ang sagot niya agad...wag ka na bumili...nagluto ako agad dahil may mensahe kagabi.

Sabi daw ni Jesus Christ sa kanya" GAMITAN MO NA LANG NG KAMATIS AT KALAMANSI."

Sabi niya pagkatapos tikman ...pareho nga ang lasa.

Bumangon ako kahit antok pa ako para tumikim din...lasang may pineapple din talaga.

Sabi niya sa akin ...ayaw na rin ni Jesus Christ na lalabas ka ng maaga dahil alam niya pagod ka sa trabaho kaya sinabi niya ito, puwede naman pala yung kamatis at kalamansi.

Tawa ako na tawa pero hindi naman masama yung meaning ng tawa ako.

Hindi ko kasi akalain na magkakaroon ng mensahe para sa lulutuin niya.

Ang sagot naman niya...ganon talaga kasama si Jesus Christ sa usapan.

Sabi pa niya sa akin...matulog ka na uli kaya nga may mensahe para hindi ka na maistorbo dahil alam niya kulang ka sa tulog

Bumalik ako sa higaan kaso nawala na yung antok ko dahil sa tuwa.

Paggising ni Mj kinuwento namin agad yung mensahe.

Tinikman niya at hinintay namin ang reaction...sabi bigla ni MJ...

pareho din ang lasa.

Nagtawanan kaming tatlo.

Habang kumakain nangaral siya sandali.

"ANG DIYOS AY BUHAY, NAKIKIPAGKUWENTUHAN.HINDI LAHAT NG TAO AY ALAM ITO."

Sinabi pa niya kay Mj pabiro...anak ito ang recipe from Jesus Christ.

Purihin ka Lord Jesus Christ.Maraming salamat sa mga nagbasa.Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 4, 2018

Magandang araw sa lahat. Si Susan Olalo ito at muling magkukuwento ng mga ginawa ng Diyos sa buhay namin.

Nangyari ito noong pasimula pa lamang ng panggagamot at pangangaral ni Narciso Olalo.

Paggising niya sa umaga ang sabi niya sa akin "ma, may mensahe para sa iyo."

Hindi ko pa narinig kung ano ang mensahe pero kumabog na ng malakas ang dibdib ko.

Tinanong ko siya "ano yon?."

Ang sabi niya " SABI NI JESUS CHRIST YANG SI

SUSAN, HINDI PA SIYA MALINIS."

Ito talaga ang kumpletong salita narinig ko mula sa mga bibig niya,

Pagkarinig ko tahimik lang ako dahil alam ko naman na may mga kasalanan din akong nagawa.

Dahil hindi ako nakapagsalita nang mga sandaling yon,

napansin din niya na nalungkot ako dahil tinamad ako

bumangon sa higaan.

Bumangon siya at umupo sa tabi ko.

.

NARITO ANG MGA PALIWANAG NIYA SA AKIN:

"Mensahe ng Diyos ito at kailangan ko sabihin ko sa iyo.

Hindi ito galing sa akin.

Maaaring gusto ni Jesus Christ na maglinis muna ako sa

pamilya ko bago sa ibang tao.

Alalahanin mo na lahat ng kasalanan mo at pagsisihan.

Alalahanin mo lahat lahat hanggang sa maaabot ng alaala mo.

Sa ginagawa kong ito, siyempre naman unahin ko munang linisin pamilya ko."

Sinunod ko ang mga sinabi niya dahil ayoko na makasagabal ako sa ginagawa niya.

Sinikap ko talaga na alalahanin lahat ng nagawa kong mali.

Pinakamabigat kong kasalanan yung nagawa kong maglihim sa kanya dahil sa pagtulong sa kapatid ko.

Nangyari ito noong nagtrabaho ako sa UK, dahil hindi ko siya kasama that time nagdecide na lang ako basta basta na hindi nagpaalam sa kanya.

Akala ko okey lang dahil maayos naman suweldo ko pero mali pala dahil naglihim ako nakasakit ako ng damdamin.

Ayon din sa mensahe ng Diyos...sa tuwing nakakasakit tayo ng damdamin nagkakasala tayo.Hindi ko pa alam ito noon.

Noong nalaman niya nasaktan damdamin niya ng todo dahil hindi ako nagpaalam sa kanya bilang asawa.

At the same time naaawa siya sa akin dahil sinasamantala na pala ako ng kapatid ko puro awa pa ang nararamdaman ko.

Kung nagpaalam daw sana ako sa kanya napigilan sana ang pangaabuso sa akin ng kapatid ko.

Lagi niya sinasabi...hindi lahat ng pagtulong ay tama.

May pagtulong din na tinuturuan mo sila maging tamad.

Dapat magsikap ang bawat isa at hindi dapat nakaasa sa ibang tao.

Pinagsisihan ko na ito at ang iba pang kasalanan ko.Naliwanagan na ang isip ko at hindi na inulit yon. Inaamin ko noon kasi kapag hindi ako nakatulong feeling guilty pa ako.

Sana ay may natutunan din kayo sa totoong istorya ng buhay ko.

Huwag maglihim sa asawa dahil sign ito ng respeto...kahit sa maliit na bagay. Ito yung hindi ko naisip noon.

Ang magasawa ay iisa...walang dapat mangyaring lihim.

Lagi natin ingatan ang damdamin ng bawat isa.

Ang asawa ang katuwang natin sa buhay kaya dapat ipadama natin na mahalaga siya sa iyo anuman ang status niya sa buhay.

Pahalagahan natin ang kayang gawin ng asawa natin.

Humingi na rin ako ng kapatawaran kay Jesus Christ dahil naging proud din ako sa sarili ko dahil ako ang may stable na trabaho sa aming dalawa pero taos puso niyang inaruga si Mj at kulang na lang sa tiyan niya nanggaling.Inaamin ko hindi ko naappreciate yon.

Pero nang makausap niya ang Diyos ...nanliit ako sa sarili ko.

Ang Diyos ay tumitingin sa malinis na puso at hindi sa material na bagay.

Naisip ko ang mga nakaraan na malaya ako sumagot kung ano ang gusto ko sabihin.Medyo spoiled kasi ako sa kanya dahil

mapagpasensya siya.

Noon pa lang nakakasakit na pala ako ng damdamin,

Pinagsisihan ko na yon at hindi na inulit.

Hindi na rin ako nagtaka kung bakit siya ang napili ng Diyos sa lahat ng nilalang sa balat ng lupa...simpleng tao na may malinis

na kalooban.

Purihin ang ating Diyos na si Jesus Christ, maraming salamat po at may pagkakataon pa ako para magbago.Maraming salamat sa mga nagbasa.Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

[March 7, 2018](#)

Magandang araw muli sa lahat.Ito yung kasunod ng latest na kuwento ko sa inyo.Akala ko naalala ko ko na lahat ng kasalanan ko pero nagbigay uli ng mensahe si Jesus Christ kay Narciso Olalo.

Ang first senaryo daw...humihingi ako ng tulong sa kanya para magpagamot dahil may cancer ako sa ovary.Before niya sinabi sa akin ito nararamdaman ko na masakit ang buong balakang ko mga ilang araw na.Akala ko nag weight gain lang ako kaya hindi ko lang binigyan pansin.Hindi niya alam ito.

Ang second senaryo daw... pinakita ang mga pamangkin ko.

Ito ang paliwanag niya sa akin:

Maaaring magkaroon ka ng ovarian cancer kung hindi maagapan kaya ngayon pa lang gagamutin na kita. Magpasalamat ka sa Diyos at may patnubay ka, sinasabi na niya ang susunod na mangyayari sa buhay mo. Pinakita rin ang mga pamangkin mo dahil lagi mo iniisip ang pagtulong sa kanila samantalang hindi mo naman obligasyon yon...nandiyan naman mga magulang nila hayaan mo sila magsikap para mapag aral mga anak nila. Dahil lagi mo sila iniisip, hindi ka nageenjoy sa buhay, nalulungkot ka lagi dahil hindi mo sila natulungan dahil ikaw ang ginhawa sa magkakapatid. NAGKAKASALA KA RIN DAHIL SINASAKTAN MO ANG SARILI MONG DAMDAMIN. Kasama ito sa mensahe ng Diyos SA TUWING NAKAKASAKIT TAYO NG DAMDAMIN NAGKAKASALA TAYO. Kaya pagsisihan mo na ang mag ito dahil hindi ito isasama sa senaryo kung hindi ito kasalanan.

Ginamot niya ako katulad ng panggagamot sa ibang tao at nawala dahan dahan yung sakit na nararamdaman ko sa balakang ko. Hindi na ako nagpacheck up sa doctor dahil naniwala na ako agad sa mensahe. Yung sakit sa balakang ko simula na yon ng problema ng ovary ko. Nagpapasalamat ako ng taos puso kay Jesus Christ dahil nagsisimula pa lang sinabi na niya.

Yung tungkol sa mga pamangkin ko totoo yon lagi ko sila iniisip.

May mga pamangkin kasi ako na high school graduate lang.

Iniisip ko lagi na magpaaral ng kahit isa o dalawa para makapag aral sa college para maganda rin ang future nila kaso sinabihan niya ako "pag naumpisahan mo yan sigurado may kapatid kang magseselos at dapat maging patas ka sa lahat dahil kung hindi ikaw pa ang masama kahit may natulungan ka na...ang susunod na mangyayari walang katapusan na pagtulong."

Tama yung sinabi niya dahil seven kami magkakapatid at marami akong pamangkin kaya ang nangyari lagi ko na lang sila iniisip dahil hindi ko nagawa yung gusto ko. Kasalanan pala yon dahil sinasaktan ko sarili kong damdamin.

Totoo din na hindi ako nageenjoy sa buhay ko kapag naalala ko ibang kapatid ko....how i wish na ginhawa rin sila.

Pero dahil sa mga paliwanag niya sa akin narealise ko rin na narating ko ang ganitong klase ng buhay dahil nagsikap ako mag apply ng trabaho.Kanya kanya tayong sikap na humanap ng paraan para magkaroon ng ginhawang pamumuhay.Nasa Diyos ang awa nasa tao ang gawa.

Naliwanagan na ang isip ko dahil sa mga paliwanag niya sa akin.

Inalis ko na sa isip ko yung "feeling guilty' na matagal ko ng kasama sa buhay simula ng magtrabaho ako.

Sinasabi ko lagi sa sarili ko bakit kailangan ako maguilty eh pagod pagod nga ako sa duty at pumapasok ako kahit may migraine.Paguwi ko minamasahe niya ulo ko at habang nagmamasahé sinasabi niya sa akin" tingnan mo sarili mo pagod na pagod ka... alam ba yan ng mga kapatid mo? baka akala nila namumulot ka ng pera dito.May ibang kapatid kasi ako na nagsabi nasa abroad daw ako pero hindi ako nagpaaral kahit isang pamangkin.Lumalabas na madamot ako para sa ibang kapatid...mabait naman yung ibang kapatid ko.

Ganon pa man susundin ko na lang ang mensahe ng Diyos....pinagsisihan ko na mga yon at hindi na inulit.

Kailangan din maenjoy ng family ko ang aking fruit of labor.

Inaamin ko na nahahati dati ang ang attention ko sa family ko dahil sa kakaisip sa mga pamangkin ko.

Ayon din sa pangangaral niya....kailangan din magenjoy tayo sa buhay natin basta kasama ang Diyos sa araw araw.

Ang mahalaga wala tayong inaapakan na tao at nageenjoy tayo gamit ang perang galing sa pawis natin at hindi tayo nanlalamang sa kapwa natin.

Patawarin mo ako Panginoon sa lahat ng kasalanan ko at maraming salamat po sa mensahe na binigay mo kay Narciso Olalo para makarating sa akin.

Maraming salamat sa mga nagbasa ng true story of Susan Olalo.

Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 8, 2018

Hi,everyone.Nais ako i share sa inyo ang kuwento sa akin ni Narciso Olalo tungkol sa mga bonding moment nila ni Jesus Christ.

Nangyari ito noong pasimula pa lamang ng panggagamot at pangangaral niya. Sabi niya sa akin noon hindi na daw kailangan i post dahil bonding moment lang nila yon at patunay na kaibigan ang turing niya kay Jesus Christ.

Sayang naman kung hindi ninyo malaman kaya nagpaalam ako sa kanya kanina kung puwede ko ikuwento sa inyo....sabi naman niya okey daw.

Narito ang mga kuwento niya sa akin: Espiritu siya nang mga sandaling ito.

1.Holy week season ito nangyari. Nakakarga si Jesus Christ sa kanya (sa likod niya).Umiikot lang daw sila sa isang oval. Nang nakarami na sila ng ikot sabi daw niya kay Jesus Christ..."tama na." Ang sagot naman daw ni Jesus Christ..."sige pa, gusto ko pa."(naglalambing daw). Mahaba daw paa ni Jesus Christ at halos sumayad sa lupa habang karga niya dahil matangkad.

.

2. Hindi ko na maalala ang date nito.Nagbibiruan sila ni Jesus Christ...nakaupo sila pareho. Habang nageenjoy sa biruan...tinapik daw ni Jesus Christ ang puwit niya.

Tumayo daw siya at sinabi niya kay Jesus Christ " ganon ka ba"?

Nagaksyon daw siya na parang bakla.

Tumawa daw si Jesus Christ ng malaki, nakita daw niya ang ganda ng mga ngipin dahil pantay pantay lahat. Tuwang tuwa daw si Jesus Christ sa biro niya pero wala daw sound ang tawa. Very professional daw si Jesus Christ tumawa.

3. Hindi ko na rin maalala ang date nito.Habang natutulog siya bumiling siya sa right side niya at nakita niya si Jesus Christ sa tabi niya nakahiga din. Nagulat siya at ang sabi niya "oh, andiyan ka pala, umusog ka don kasi ang haba ng mga buhok mo , nadadaganan ko." Umusog naman daw si Jesus Christ at napakahumble daw.

Maraming salamat sa mga nagbasa at sana ay kinilig din kayo katulad ko dahil ang sweet nila sa bawat isa.Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 9, 2018

Hi everyone.Ang kuwento ko sa inyo ay related sa post ni Narciso Olalo ngayon tungkol sa tamang paggamit ng pagibig sa buhay natin.

PUWEDE MO AKO TITIGAN PERO HUWAG MO AKO HAWAKAN by Narciso Olalo.

Nangyari ito sa Pilipinas before siya tinawag ng Diyos na manggamot at mangaral.Nagpupunta talaga si Nars sa pub/ beerhouse para maglibang dahil mahilig siya sa karaoke.Alam ko yon dahil nagpapaalam siya sa tuwing aalis.Kumukuha siya ng babae para pakantahin.Kuwento niya na pinapayuhan niya mga babae doon, sinasabihan niya sila na humanap ng marangal na

trabaho kahit magtinda na lang sa palengke or kahit ano basta wag lang sa beerhouse dahil sinisira nila ang dangal ng sarili nila at nadadamay na rin mga pamilya. Ang sagot naman daw ng mga babae...kapit sa patalim dahil kailangan.

Kapag pumupunta siya doon lagi siya may kasamang kaibigan or kapitbahay dahil boring naman kung siya lang. Kapag umalis siya sa hapon expected ko na gabi na siya uuwi. Natutulog lang ako ng payapa ang kalooban hanggang makauwi siya...ganon lagi at never ako nagisip ng masama.

Isang umaga may masayang kuwentuhan sa labas ng bahay namin....hindi ko gaano binigyan ng pansin.

Pumasok sa loob ng bahay yung dati namin kasama sa bahay

(nagalaga kay MJ since baby) at kinuwento sa akin kung bakit masaya ang kuwentuhan sa labas.

Narito ang kuwento ng kasama namin sa bahay:

"Alam mo san, natatawa ako sa kuwentuhan sa labas , kagabi daw umiyak yung babae na katable ni Nars dahil napahiya.

Sinabihan daw kasi ni Nars " puwede mo ako titigan pero hindi mo ako puwede hawakan." Nagwalk out daw yung babae.

Walang kinukuwento si Nars sa akin tungkol doon.

Nagkuwento pala yung kasama ni Nars sa misis niya at yung misis ang nagsalaysay ng nangyari.

Sa ibang tao pa namin nalaman.

Dahil nagkakaingay sa labas ng bahay....nalaman din ni Nars na siya ang topic ng usapan kaya nagkuwento na rin siya sa amin habang kumakain kami ng breakfast.

Narito naman ang kuwento ni Nars sa amin:

" Kumuha ako ng katable na babae para pakantahin.Nang umupo na siya sa tabi ko naramdaman ko na pinatong niya kamay niya sa binti ko..,nagulat ako at sabay ilag, sinabi ko oppss ano yan?

Kinuha kita na katable ko para kumanta, hindi para sa anuman. Hindi ako katulad ng ibang lalaki, katulad ng iniisip mo...iba ako. Umiyak siya at nagwalk out. Maya maya lumapit ang supervisor sa akin at nagtanong bakit umiyak yung babaeng katable niya ,ang sabi ko ewan ko sa kanya para sa akin wala naman masama sa sinabi ko. Ang sabi ng supervisor sa akin...baka nagkamali ka ng pinasukan, dapat hindi ka dito pumasok.

Wala ako pakialam kung nagalit sa akin yung supervisor dahil nagpunta ako doon para maglibang, nagbayad ako ng tama at hindi ko ginawa yung masamang gawain. Akala kasi ng mga tao kapag pumasok ka ng beerhouse...yun na ang ginawa mo.

Bata pa ako alam ko nang masamang gawain yon."

Ang lagi niyang sinasabi ..".binigyan na tayo ng Diyos ng asawa sa buhay bakit kailangan pa yung ibang babae.Pareho lang yon at hindi ka pa nagkasala. Sana lahat ng lalaki katulad din ng isip ko...wala sigurong maraming magasawa ang nagkahiwalay. Babae kasi ang kadalasan problema ng magasawa. Mas masarap mabuhay ng tahimik at walang sakit ng ulo.Noon pa naman naiisip ko na kapag nambabae ang isang lalaki ...wala yan idudulot na maganda sa buhay."

Lagi din siya nagbibiro sa tuwing uuwi galing maglibang.

Ang lagi niya sinasabi..."instead na ibabayad ko yung pera ko sa babae...binibili ko na lang ng masarap na ulam...wala pa akong ginawang masama at napasaya ko ang pamilya ko dahil may pasalubong ako na masarap na ulam."

Kung babalikan ko mga gawain niya sa buhay simula nang makilala ko siya ...hindi nakapagtataka na pinili siya ni Jesus Christ para pagutusan na manggamot at mangaral dahil malinis ang mga gawain niya at may sarili siyang paniniwala sa Diyos.

Purihin ka Lord Jesus Christ, napakabuti mo.Patawarin mo po ako dahil hindi ko naappreciate noon na naiiba pala si Narciso Olalo compare sa ibang lalaki sa mundong ito.

Maraming salamat sa mga nagbasa.

Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 18 ·

Hi, everyone.Nais ko ikuwento sa inyo ang isa sa nangyari sa buhay ko nang pasimula pa lamang ng panggagamot at pangangaral ni Narciso Olalo.

Noong time na ipinaliwanag niya sa akin na humihiwalay ang espiritu niya sa tuwing gugustuhin ng Diyos...tahimik lang ako at inaamin ko na natatakot ako.Pero hindi ko sinabi sa kanya na natatakot ako. Nararamdaman ko ang takot sa tuwing sasapit ang gabi dahil oras ng pagtulog.Iniisip ko na baka magising ako na makita ko na walang buhay ang katawan niya.Kapag naramdaman ko na nauna na siya makatulog, magdadasal na ako agad.Ganito ang dasal ko" hay Diyos ko po patulugin mo na rin ako para hindi ko alam kung maglalakbay siya." Natatakot ako talaga dahil siguro hindi ko pa lubos na naunawaan na ginagamit ng Diyos ang katawan niya. Pero sadyang kaybuti ng ating Panginoon, gusto rin niyang mawala ang takot ko at maunawaan ang lahat ng ginagawa niya sa buhay ni Narciso Olalo.

Heto ang kuwento:

Isang umaga may napakalakas at napakagandang tugtog akong narinig sa tapat mismo ng teynga ko.Kakaibang tugtog na may naiibang kalansing...never heard before. Dahil don bigla ako nagising at narinig ko siya na parang umiiyak...malungkot ang sound ng boses.Ginising ko siya at tinanong kung bakit.

Ang kuwento niya sa akin.

"Naglalakbay ako kasama ko si Jesus Christ, napansin ko malayo na narating namin.Nalungkot ako kasi ang tagal na namin naglalakbay parang nainip na ako. Sinabi ko kay Jesus Christ balik na ako kasi ang tagal ko na dito. Ang sabi naman ni Jesus Christ, ikaw naman oh, sabay tapik niya sa puwit ko."

Ang paliwanag sa akin ni Narciso Olalo:

"Galing kay Jesus Christ yung malakas at magandang tugtog para gumising ka at masaksihan mo na ang espiritu ko ay naglalakbay at bumabalik din sa katawan ko.Tungkol naman sa nainip ako sa paglalakbay...pinaalam lang ni Jesus Christ na mas mahaba ang time sa kabilang buhay...kapag espiritu.

Ang seconds dito sa lupa napakahaba na doon.

Purihin ka Lord Jesus Christ.

Maraming salamat sa nagbasa.Hanggang sa muli.

[Marciana Nulud](#)

March 20, 2018

Hi,everyone.Nais ko magpasalamat sa mga naghatid ng birthday greetings, sa nagdeliver ng cake through facebook at yung taong may golden voice naghandog ng love song. Nagpapasalamat din ako sa mga kaibigan namin dito sa Australia na nakasama namin sa simpleng dinner at nagdala ng mga cake.Maraming salamat sa pagmamahal ninyong lahat. Before ng b'day ko sinabi ko sa asawa ko wag na magcelebrate at wag na sabihin sa mga friends namin dito dahil okey lang naman ako. Feeling ko kasi kuntento na ako sa araw araw ng buhay namin at wala na akong hinahangad na iba pa.Kaso hindi ko naman alam na nagpost siya tungkol sa b'day ko kaya nalaman ninyo.Hindi ko rin akalain na sinabihan niya ang mga friends namin dito na" sabi ni Susan wag ko daw sabihin sa inyo na b'day niya." Kabaligtaran pa ang nangyari dahil nalaman din nila. Ang sabi ko sa kanya....ano ba yan, nakakatawa ka naman....bakit mo sinabi. Ang sagot naman niya sa akin, "KASAMA NA ITO SA GINAGAWA KO EH, SASABIHIN KO TALAGA ANG KATOTOHANAN." Nagcelebrate lang kami ng simple at siyempre dahil komedyante si Narciso Olalo kasama lagi ang tawanan kaya madali kami nabusog.

Nais ko naman kayo handugan muli ng totoong kuwento ng buhay ko kaugnay ng ginagawa ni Jesus Christ sa buhay ni [Narciso Olalo](#).

Lagi ko kasi naiisip yung mga dating pangyayari na hindi ko pa naikuwento sa inyo.Dapat ko lang ito ibahagi sa inyo ito at hindi ko dapat sarilinin.Tungkol din ito sa paglalakbay ng espiritu niya.

Ito ang nangyari:

Paguwi ko galing ng afternoon shift...estimated time 10:30 - 11:30 pm. Pagbukas ko ng pinto sabay nagising siya.

Narito ang salaysay niya sa akin:

"NAGPUNTA AKO SA WARD NINYO AH, NAKITA KITA BUSY KA SA MGA TRABAHO MO." (never nagpunta si Nars sa ospital na pinagtatatrabahuhan ko...totoo na busy ako nong mga oras na yon dahil team leader ako sa shift na yon).

"NAKITA KO MGA STETHOSCOPE NINYO MGA SIRA NAMAN." (totoo na may mga sirang stethoscope na nakasabit lang sa wall na hindi na ginagamit).

